



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0022 (Revision of PC No. 35 S 2015)
Title	The Guiding Principles of the Z Benefits (Revision 1)

Tanong	Sagot
1. Ano ang Z Benefits?	<p>Sinimulang ipatupad ng PhilHealth ang mga pakete sa ilalim ng Z Benefits noong ika-21 ng Hunyo 2012 na may pangunahing layunin na makapagbigay ng “financial risk protection” para sa mga malulubhang karamdaman at gayundin sa mga nangangailangan ng matagalang gamutan. Ang PhilHealth ay nakikipagkontrata sa mga kwalipikadong accredited healthcare provider sa buong bansa na may kakayahang makapagbigay ng kumpleto at dekalidad na serbisyo batay sa mga itinakdang panuntunan sa bawat pakete ng Z Benefits.</p> <p>Sa pamamagitan ng Z benefits, ang PhilHealth, mga ospital o pasilidad at mga espesyalista ay nagtutulungan upang mapaunlad at maitaas ang antas ng serbisyong pangkalusugan sa bansa para sa bawat Pilipino.</p>
2. Ano-ano ang mga serbisyong pangkalusugan na inaalok sa ilalim ng Z Benefits Package?	<p>Narito ang kasalukuyang listahan ng mga benepisyong sa ilalim ng Z Benefits:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Coronary Artery Bypass Graft (CABG) Surgery (standard risk) • Tetralogy of Fallot • Ventricular Septal Defect Surgery • Z Benefits for Mobility, Orthosis, Rehabilitation, Prosthesis Help (MORPH) • Expanded ZMORPH • Selected Orthopedic Implants • Cervical Cancer • Colon Cancer Stages I – III • Rectal Cancer Stages I- III • Acute Lymphocytic / Lymphoblastic Leukemia (standard risk) • Early Breast Cancer (Stage 0-III A) • Prostate Cancer (low to intermediate risk) • End-stage disease requiring Kidney Transplantation (low risk) • Peritoneal Dialysis (PD) First





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0022 (Revision of PC No. 35 S 2015)
Title	The Guiding Principles of the Z Benefits (Revision 1)

	<ul style="list-style-type: none"> Z Benefits for Premature or Small Newborns Z Benefits for Children with Developmental Disability Z Benefits for Children with Mobility Impairment Z Benefits for Children with Visual Disabilities Z Benefits for Children with Hearing Impairment
3. Sino ang maaaring makagamit ng benepisyong sa ilalim ng Z Benefits?	<p>Lahat ng miyembro ng PhilHealth at ang kanilang mga kwalipikadong dependent ay maaring makagamit ng benepisyong sa ilalim ng Z Benefit package kung sila ay makapapasa sa itinakdang criteria ng Z Benefit Package na kanilang inaaplayan.</p> <p>Sa ilalim ng Universal Health Care Act, ang bawat mamamayang Pilipino ay dapat na awtomatikong maisama sa National Health Insurance Program. Kung hindi pa rehistrado sa PhilHealth ay kailangan lamang magparehistro sa alinmang Local Health Insurance Office (LHIO) upang makagamit ng mga benepisyong at programang pangkalusugan sa ilalim ng PhilHealth.</p>
4. Ano ang Pre-Authorization?	<p>Ang pre-authorization ay isang proseso ng pag-apruba ng PhilHealth na isinusumite ng isang contracted hospital upang matiyak na ang pasyente ay sinuri at kwalipikado sa criteria na nakasaad sa polisiya ng Z Benefits. Ang aprubadong pre-authorization mula sa PhilHealth ay kailangan bago maibigay ang benepisyong Z Benefits. Ito ay ipoproceso ng PhilHealth sa loob ng pitong (7) araw na may pasok (<i>working days</i>).</p>
5. Ano ang mga kailangang isumite ng ospital upang aprubahan ang pre-authorization ng pasyente?	<p>Ang isang contracted hospital para sa Z Benefits ang siyang magpoproseso ng pre-authorization request ng kanilang pasyente.</p> <p>Kailangang isumite sa PhilHealth Regional Office (PRO) kung saan sila nasasakop ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> Orihinal na kopya ng pre-authorization checklist and request; at Photocopy ng Member Empowerment Form (ME) Form <p>Ang PhilHealth Benefit Eligibility Form (PBEF) ay ang patunay o magsasabi kung ang pasyente ay eligible o hindi sa benepisyong. Ang PBEF na may nakalagay na "Yes" ay indikasyon na ang isang</p>






TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0022 (Revision of PC No. 35 S 2015)
Title	The Guiding Principles of the Z Benefits (Revision 1)

	<p>miyembro o ang kanyang dependent ay maaring makagamit ng PhilHealth. Ang kopya ng Member Data Record (MDR) at Claim Form 1 ay hindi na kailangang isumite.</p> <p>Kung ang PBEF naman ay may nakalagay na “No,” ito ay indikasyon na kailangan mag-update ang miyembro ng kanyang datos o impormasyon sa PhilHealth at kailangang ipakita ang kanyang MDR, pagpapatunay ng kontribusyon o kopya ng Claim Form 1 upang magamit ang benepisyo ng PhilHealth.</p> <p>Kailangan din na may natitira na kahit isa (1) mula sa 45 days annual benefit limit ang miyembro bago mag-enroll sa Z Benefits.</p>
6. Saan maaaring makipag-ugnayan kung nais ng pasyente na mag-enrol sa Z Benefits?	<p>Ang lahat ng contracted hospitals sa ilalim ng Z Benefits ay may nakatalagang Z Benefits Coordinator na maaaring puntahan ng isang pasyente kung nais niyang magtanong at mag-enrol sa programa ng Z Benefits na mayroon ang isang ospital.</p> <p>Ang Z Benefits Coordinator ang siyang gagabay sa pasyente, magbibigay ng tamang impormasyon at siyang makikipag-usap sa PhilHealth tungkol sa estado ng pre-authorization ng pasyente.</p>
7. May babayaran pa ba ang isang miyembro kung siya ay nasa ilalim ng programa ng Z Benefits?	<p>Ang Z Benefits ay sakop ng No Balance Billing Policy. Walang dapat bayaran ang isang miyembro kung siya ay kabilang sa senior citizen, lifetime member, indigent, sponsored at kasambahay.</p> <p>Ang benepisyo sa PhilHealth ay awtomatikong ibabawas sa bayarin ng pasyente sa ospital. Subalit, kung ang isang pasyente ay ninais ng mga karagdagan serbisyo o kaya naman ay nag-upgrade ng mga serbisyo ng Z Benefits, siya ay magkakaroon ng karagdagang bayad matapos maibawas ang benepisyo ng PhilHealth. Ito ay dapat na maayos na naipaliwanag at napagkasunduan ng pasyente at ng kanyang doktor bago magsimula ang pagbibigay ng serbisyo. Ang pagpirma ng pasyente o ng kinatawan niya sa ME Form ay patunay na naintindihan niya ang nilalaman ng ME form at ang pinagkasunduan nila ng kanyang doktor.</p> <p>Dagdag dito, anumang karagdagang bayarin ng pasyente ay hindi</p>



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2021-0022 (Revision of PC No. 35 S 2015)
	Title	The Guiding Principles of the Z Benefits (Revision 1)

	<p>dapat lalampas sa itinakdang benepisyong Z Benefits ayon sa napagkasunduan ng ospital at PhilHealth na nakapaloob sa bawat kontrata ng Z Benefit Package.</p>
<p>8. Sino ang dapat mag-file ng claims sa PhilHealth?</p>	<p>Ang contracted hospital para sa Z Benefits ay ang siyang magsusumite ng aplikasyon ng pasyente sa PhilHealth kasama ang mga kinakailangang dokumento. Direktang ibabayad ng PhilHealth ang halaga ng benepisyong Z Benefits sa contracted hospital na nagbigay ng serbisyo sa pasyente.</p>
<p>9. Paano maging isang PhilHealth Contracted Health Care Provider para sa Z Benefits?</p>	<p>Upang ang isang ospital ay maging kabahagi ng Z Benefits, siya ay makikipag-kontrata sa PhilHealth batay sa itinakdang panuntunan ng Korporasyon. Prayoridad na sumali ang lahat ng mga pambulikong pagamutan na may kakayahan na maibigay ang lahat ng kinakailangang serbisyo na nakapaloob sa bawat Z Benefit Package.</p> <p>Gayunpaman, pinapayagan ng PhilHealth na sumali ang mga pribadong pagamutan sa mga lugar na walang pampublikong ospital o may kakayahang makapagbigay ng kinakailangang serbisyo lalo na sa mga lugar na nasa ilalim ng GIDAs.</p> <p>Kaakibat nito, nakasaad sa bawat kontrata ang napagkasunduang halaga na maaaring bayaran ng isang pasyente na hindi dapat lalapas sa benepisyong Z Benefit package kung sakaling may karagdagang babayaran.</p> <p>Maaaring makipag-ugnayan ang pamunuan ng ospital sa PhilHealth Regional Office na nakakasakop sa kanilang pasilidad para sa mga kinakailangang dokumento at sa iba pang karagdagang impormasyon upang maging isang contracted healthcare provider.</p> <p>Para sa kabuuang listahan ng mga PhilHealth Contracted Health Care Providers sa Z Benefits sa inyong lugar, bisitahin lamang ang aming opisyal na PhilHealth website sa www.philhealth.gov.ph o maaari din kopyahin ang direktang URL na: https://philhealth.gov.ph/partners/providers/institutional/map/ at pindutan lamang ang Z Benefits Contracted Health Care Institutions.</p>

